

Ano ang Maagang Pamamagitan?

Mga Magulang at Propesyonal na Nagtatrabahong Magkakasama upang Tulungan ang mga Beybi na Umunlad at Matuto.



Ang mga beybi ay natututo at lumalaki sa kanilang sariling bilis. Ang ilang beybi ay nangangailangan ng kaunting karagdagang tulong. Dahil ang mga beybi ay lumalaki at natututo nang mabilis, mahalagang kumuha ng karagdagang tulong sa pinakamaagang panahon na posible kung ikaw o ang doktor ng iyong beybi ay may mga inaalala tungkol sa pag-unlad ng iyong beybi.

Ang Programang Early Start sa Alta California Regional Center ay nagkakaloob ng mga suporta at serbisyo para sa mga beybi at sa kanilang mga pamilya upang ang mga pamilya ay makatulong sa kanilang anak na matuto sa mga aktibidad at pangkaraniwang gawain sa araw-araw.

Ito ay tinatawag na **maagang pamamagitan**.

Sino ang makakagawa ng pagrekomenda?

Kahit sino ay makakagawa ng pagrekomenda, kabilang ang mga magulang, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, kapitbahay, miyembro ng pamilya, tumatangkilik na magulang, at tagapagkaloob ng pag-aalaga sa araw. Bilang isang magulang...maaari mong irekomenda ang iyong anak sa Early Start kung may suspetsa ka na may problema o pagkaantala. Dapat magbigay ng permiso ang mga magulang upang tayahin ang kanilang anak.

Paano ko malalaman kung ang aking anak ay kuwalipikado para sa mga serbisyo?

Ang impormasyon mula sa iyo, sa doktor ng iyong anak at sa pag-observerba sa iyong anak sa pamamagitan ng mga pagtasa ay ginagamit lahat upang malaman kung kailangan niya ng karagdagang tulong sa kanyang pag-unlad at pagkatuto.

Ano ang susunod na mangyayari kung ang aking anak ay karapat-dapat sa maagang pamamagitan?

Kung ang iyong beybi ay karapat-dapat, ang iyong tagapag-ugnay ng serbisyo ay magtatrabahong kasama mo upang bumuo ng isang planong batay sa mga pangangailangan ng iyong anak. Ang plano ay magtatatag ng mga hangarin sa pagtatrabahong kasama mo upang tulungan ang iyong beybi na gumawa ng mga bagay na mahalaga sa kanyang paglaki. Ito ay tinatawag na Ibinabagay na Plano sa Serbisyonang Pampamilya (Individualized Family Service Plan), o IFSP.

Ang IFSP ay naglilista rin ng mga serbisyonang kailangan upang tugunan ang iyong mga inaalala, prayoridad at kakayahan.

Saan ipagkakaloob ang mga serbisyonang maagang pamamagitan?

Para sa karamihan ng mga bata at pamilya, ang mga serbisyonang maagang pamamagitan ay ipinagkakaloob sa bahay ng pamilya. Ang mga serbisyo ay ipinagkakaloob din sa ibang mga lugar sa komunidad, tulad ng mga parke, sentro ng pag-aalaga sa bata, sentro ng komunidad, at ibang mga lugar kung saan gumugugol ng oras ang mga bata at pamilya.

Ano ang maaasahan ko mula sa mga serbisyonang maagang pamamagitan?

Ang iba't ibang mga suporta at serbisyo ay makukuha ng mga karapat-dapat na bata at kanilang mga pamilya. Ang layunin ng lahat ng serbisyonang maagang pamamagitan ay upang tulungan ang iyong anak na matuto at umunlad. Ang mga pamilya ay ang una at pinakamahalagang guro para sa kanilang mga anak. Dahil ang mga beybi ay natututo sa pamamagitan ng pagmamasid, pagsubok, at pagpraktis ng mga bagay, ang mga tagapagkaloob ng serbisyonang maagang pamamagitan ay tumutulong sa iyong pamilya na matuto ng mga paraan upang tulungan ang anak na na matuto at magpraktis ng mga bagong kasanayan sa kabuuan ng bawat araw.

Magkano ang bayad sa maagang pamamagitan?

Walang bayad para sa pagtaya, pagtasa at pag-uugnay ng serbisyo. Ang pampubliko o pribadong seguro ay ginagamit para sa mga serbisyonang medikal na kailangan kabilang ang mga tungkol sa pagsasalita, pisikal at pang-okupasyon na mga therapy.

Mga Bagay na Dapat Tandaan

Sino ang dapat kong kausapin kung ako ay nag-aalala sa pag-unlad ng aking beybi?

Kontakin Kami

Upang makipag-usap sa isang Tagapag-ugnay ng Pagkuha ng Impormasyon ng Early Start tawagan ang:

**Alta California Regional Center
(916) 978-6249**

**Bisitahin kami sa web:
www.altaregional.org**

**May mga opisina sa Sacramento,
Roseville, Placerville, South Lake
Tahoe, Truckee, Grass Valley,
Woodland at Yuba City**

Alta California Regional Center

Programang Early Start

*Nagkakaloob ng mga serbisyong
maagang pamamagitan sa mga
sanggol at toddler sa edad na mula sa
pagsilang hanggang 36 na buwan*

